# Biray

**Perry C. Mangilaya**

AGAD NA HINANAP NI Nida ang kanyang asawa pagkauwi niya mula sa klinika sa bayan. Ngunit wala ito sa loob ng kanilang bahay. Pero nang marinig niyang kumakalampag ang kanilang poso sa likod-bahay, lumabas siya at nakita niya ang asawa na abala sa pagbuhay ng kanilang poso. Matagal nang patay iyon dahil sa pagdaan ng mahabang tagtuyot sa kanilang lugar. Marahil, umaasa pa ang kanyang asawa na mabubuhay pa ito at may aakyat pang tubig.

"Ilang beses mo nang sinubukan 'yan na walang umaakyat na tubig, pinipilit mo pa rin," aniya nang lapitan niya ito.

"Nagbabaka-sakali lang ako, baka mabuhay pa at may umakyat pang tubig kahit konti," tila humihingal pang sagot nito.

"Sige, ako ang magbubuhos, at ikaw ang magbomba." Kinuha niya ang tabo na hawak ng asawa, sumalok ng tubig sa timba, at dahan-dahan niyang ibinuhos iyon sa poso.

"Sige lang, buhos lang nang buhos, 'wag mong tigilan," utos pa ng kanyang asawa habang walang tigil naman ito sa pagbomba.

Ngunit naubos na ang tubig sa timba, hindi pa rin nabuhay ang poso.

At narinig niya ang paghugong ng pagsingaw ng poso nang tumigil sa pagbomba ang kanyang asawa.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 116 10/25/2019 2:07:12 PM

"Wala talaga," naiinis pang sabi ng kanyang asawa habang pinupunasan ng laylayan ng damit ang mga pawis sa noo nito. "Dapat pala, nilaliman natin ang pagbaon ng tubo nito."

"May umaakyat pa namang tubig sa poso ni Manong Sidro," aniya.

"Pero naghihingalo na nga rin 'yon. Hindi rin natin alam kung hanggang kailan pa 'tong tagtuyot."

Naghihingalo na nga ang poso ng kanilang kapitbahay na tanging pinagkukunan nila ng maiinom at panluto sa kanilang purok. Parang ihi na lang ang lumalabas na tubig. Tiyagaan lang ang pag-iigib. Bigayan. At huwag kalimutang mag-iwan ng pambuhos pagkatapos makapag-igib lalo pa't lahat ng kanilang ka-purok, dito umaasa. Halos lahat ng poso kasi sa ibang mga purok, natuyuan na rin. Iilan na lang ang buhay pa. At tulad ng poso ng kanilang kapitbahay, naghihingalo na rin. Nangangamba na nga ang mga may-ari niyon, na kung magtatagal pa ang tagtuyot, malamang na wala na silang mapagkukunan ng maiinom at magamit sa panluto.

Ang ilan na malapit sa ilog, ang paggawa ng balon sa pampang ng ilog ang naisip na solusyon para may magamit sa pang-inom at panluto. Pero hindi nagtatagal, agad din namang natutuyuan iyon. Maghuhukay uli sila. Kung saan-saang bahagi ng pampang. Mas malalalim. Nagkabutas-butas na ang malawak nang pampang ng ilog. Halos hindi na mabilang ang mga balon na kanilang ginawa ngunit natutuyo at natutuyo rin. Bukod kasi sa pakitid na nang pakitid, panipis na rin nang panipis ang daloy ng tubig. Kailangan pang maghukay sa buhangin upang makapaglublob.

"Matindi naman kasi 'tong tagtuyot na dumaan sa atin," untag niya. "Tanda ko, nangyari rin ang ganitong tagtuyot, elementary pa ako no'n."

"A, oo," ayon ng kanyang asawa. "Pero mas matindi 'ata ngayon. Tingnan mo nga ang bukirin," baling nito sa nagkakabitak-bitak nang bukirin.

Mula sa kanilang likod-bahay, tanaw ang malawak na bukirin na humahangga sa kabilang barangay. Ang bukiring ito ang pangunahing pinagkukunan ng ikinabubuhay ng karamihan sa mga taga-barangay Bagacay, kabilang silang mag-asawa, at maging ang ilang mga karatig na barangay. Katunayan, sa panahong ito, anihan na sana. Pero dahil sa pagdaan ng mahaba at matinding tag-init, hindi na tumutubo ang mga tanim dahil sa pagkatigang ng lupa. Kay lalaki na rin ang mga bitak sa lupa. Parang nakanganga ito at tila nagsusumamo ng ulan sa langit. Tuyot na tuyot na ang mga nangalirang na mga damo. Matapunan lang ng upos ng sigarilyo, siguradong magliliyab na. Kaya naman mahigpit ang bilin ng kapitan na mag-iingat sa paggamit ng apoy, lalo na sa pagsisiga.

Hindi lang naman ang mga pananim ang apektado ng mahabang tagtuyot na dumaan sa kanilang bayan ng Ibajay, sa kanlurang bahagi ng lalawigan ng Aklan.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 117 10/25/2019 2:07:12 PM

Maging ang mga alaga nilang hayop, nangangayayat na ’pagkat walang nang makain. Wala ring pagkukunan ng kumpay. May ilan na nga rin ang nangamatay.

“Maiba nga pala ako,” pagkuwa’y baling sa kanya ng asawa. “Ano’ng sabi ni Doktora?”

“’Yon pa rin, h’wag daw tayong mawalan ng pag-asa. Ituloy lang daw natin kung ano ang mga bilin n’ya,” sagot niya habang nananatiling nakatingin sa tigang na bukirin.

“Kaya nga tinatamad na akong sumamang magpatsek-ap, e, dahil ’yon at ’yon din naman ang sasabihin n’ya.”

“Gano’n daw talaga kapag lagpas na sa k’warenta ang edad ng babae, tulad ko, mahirap nang magkaanak.”

Ibinalik ng kanyang asawa ang tingin nito sa tuyot na bukirin.

“Pa’no ’yan, makakabuo pa raw ba tayo?” tanong nito na hindi inaalis ang tingin sa bukirin.

“Oo naman,” tiwalang sabi niya at bumaling sa asawa. “Hangga’t nagme-mens pa raw ako, may pag-asa pa. Pero kailangan, makahabol tayo bago pa man ako mag-menopause.”

“Ginagawa naman natin ang mga bilin n’ya, pero wala talaga, e.” Nadama niya ang panlulumo sa tinig ng kanyang asawa. Sinulyapan lang siya nito at agad na ibinalik ang tingin sa bukirin.

Hindi siya kumibo. Ayaw niyang magdagdag pa ng sasabihin na lalong ikapanlulumo ng asawa.

“Isa pa ’tong problema ang tagtuyot na ’to,” patuloy ng kanyang asawa. “Sana matapos na ’to para naman makapagtanim na tayo.”

“Manalig lang tayo sa Diyos, matatapos din ’to,” pakli niya, puno ng tiwala at pag-asa.

Nang gabing iyon, tulad ng mga nagdaang gabi, ang pagniniig nila ay tila isang obligasyon lamang. Ang paglalapat ng kanilang mga katawan ay parang naging bahagi na lamang ng kanilang tungkulin sa isa’t isa. Walang emosyon. Walang pagpapahayag ng pag-ibig. At pagkatapos ng tila napipilitang ritwal, kapwa sila umaasa na sana’y sa susunod na buwan, magsusupling na ang kanilang ipinunla.

Pero aminado si Nida, labis na siyang nababahala na baka hindi na nga siya magkaanak pa. Kung tutuusin, wala naman siyang diperensiya, ayon sa doktor, ganoon din ang kanyang asawa. Ang tanging pinagsisihan niya, ang pag-asawa niyang may edad na. Pero ibig din niyang sisihin ang tadhana. Kung bakit naman kasi kapwa may edad na sila nang magkakilala ni Dante. Sana, noong bata-bata pa sila nagkatagpo, para hindi ngayong tila naghahabol sila ng huling biyahe. Wala naman



likhaan 13 inside pages 102419.indd 118 10/25/2019 2:07:12 PM

talaga siyang balak magpakatandang-dalaga o mag-asawang may edad na. Iyon nga lang, sadyang ito marahil ang itinadhana sa kanya, sa kanila ni Dante.

Dagdag pang nagbigay ng alalahanin sa kanya, hindi sila lahi ng palaanakin. Dalawa lang silang magkapatid. Siyang bunso at ang kuya niyang nasa Maynila na naninirahan. At ang kanyang kapatid, bukod sa nag-iisang lalaki lang ang anak, natagalan pa bago nagkaanak. Ang kanyang ina, nag-iisang anak lang din. Maging ang kanyang ama, dadalawa lang ding magkapatid. At ang kanyang tiyuhin na kapatid ng kanyang ama, masuwerte at nakaisang anak. Pero ang anak nito, mapalad ang nagkaroon ng dalawang anak.

Kabaligtaran sa asawa niya. Lahi ng pamilya nito ang palaanakin. Limang magkakapatid ang mga ito. Ang tatlong nakababatang kapatid na lalaki, may apat nang anak at ang bunsong babae, may tatlo na at pang-apat na ang ipinagbubuntis. Maging ang mga tiyuhin at tiyahin ng kanyang asawa, ordinaryo ang maraming anak. Kaya naman nakapagdagdag pa ito ng alalahanin sa kanya dahil tanging ang asawa na lamang niya ang walang anak sa pamilya nito. Kahit man lang sana isa, mabigyan niya ito.

Patuloy na pabiling-biling si Nida. Pumikit siya para subuking makatulog. Nagkumot. Ngunit gising pa rin ang kanyang isip. Ang mga alalahanin ang nakasilid sa kanyang isip. Nakapagdagdag pa sa kanyang alalahanin ang pagdaan ng mahabang tagtuyot.

“Kailangan nating magtulungan sa problemang ’to,” naalala pa niyang sabi ng kapitan nang magpamiting ito. “Kung hindi natin sosolusyunan ito, daranas tayo ng gutom.”

“Ano ba ang sabi ni Meyor?” tanong ng isang matandang naninigarilyo.

“Manong Kulas, ’yang sigarilyo mo, baka kung saan-saan mo itatapon ang upos, ha,” paalala ng kapitan.

Kinuha ng matanda ang papaupos nang sigarilyo at dinalirot sa lupa ang baga, at saka inapak-apakan upang matiyak na wala nang sindi.

“Pero ano ba ang sabi ni Meyor?” pagkuwa’y ulit na tanong nito.

“Humingi naman daw s’ya ng tulong sa provincial capitol,” sagot ng kapitan. “Pero tandaan natin, buong lalawigan ang nakakaranas ng tagtuyot. At isa pa, walang pinipili ang tagtuyot. Ke mayaman ka man, meyor ka man, apektado rin ng tagtuyot. Kahit pa me generator sila o water pump, e kung wala namang mahihigop na tubig. Kaya inuulit ko, h’wag na tayong maghintay ng tulong, kailangang tayo mismo ang magtulungan. Mahalaga sa akin ang inyong mga suhestiyon.”

Nagpalitan lang ng tingin ang mga naroroon. Nagmistulang natuyot na rin marahil ang mga isipan dahil sa kawalan ng masabi.

Ikinababahala ni Nida iyon, hindi magtatagal, gutom na nga ang abutin nila. Kahit naman kasi umulan kinabukasan at makapag-araro na sila, maghihintay pa rin sila ng



likhaan 13 inside pages 102419.indd 119 10/25/2019 2:07:12 PM

ilang buwan bago makaani. Pero mas gugustuhin na nila ang ganoon, kahit maghintay nang matagal, nakatitiyak naman sila sa kanilang paghihintay. Hindi tulad ngayon, walang katiyakan kung kailan uulan. Ito rin kasi ang mahirap sa umaasa lang sa lupa, naisip niya. Mahigpit na kalaban ang kalamidad. Kung hindi bagyo o baha, eto ngang tagtuyot. Pero hindi ito pangkaraniwang tagtuyot na dumaan sa kanilang bayan. Sa tingin niya, parang isinumpa. Para bang nakagawa sila ng malaking kasalanan at pinarurusahan sila ng langit.

Langit? Tila may bumukas sa isip ni Nida. Langit, ulit ng kanyang isip. Baka naman nakalilimot na nga sila sa langit? At kailangan na nilang humiling sa langit.

Bata pa siya noon, pero naaalala pa niya ang ginawang sagradong ritwal ng paghingi ng ulan sa kanilang barangay. Sa tanda niya, noon lamang niya nasaksihan ang gayong ritwal. Hindi na naulit. Saksi siya noon sa taimtim na panalangin ng mga sumama sa prusisyon. At makalipas nga ng ilang araw, bumuhos ang ulan.

“Dante,” niyugyog niya ang balikat nito. “Dante . . .”

Hindi sumagot ang kanyang asawa pero alam niyang gising pa ito. “Sabihin pala natin kay Kapitan bukas na mag-*Biray* na tayo.”

Tumagilid ang kanyang asawa, paharap sa kanya. Sa gitna ng kadiliman, naaninaw niya ang pagkislap ng mga mata nito.

NAGTIPON-TIPON ANG halos buong barangay sa ilawod sa may pampang ng ilog isang gabi. Sa gitna ng kadiliman, naghari ang sumasayaw-sayaw na mga apoy mula sa dala-dala nilang mga pangkad at sulo mula sa ibinungkos na mga patay nang balaba ng niyog. Sa pangunguna ng mga matatandang kababaihang may mga hawak na kandila habang abala sa pagdarasal bilang paghingi ng ulan, sabay-sabay at dahan-dahan silang nagprusisyon sa kahabaan ng pampang ng ilog papuntang ilaya, sa hangganan ng sakop ng kanilang barangay.

Alam ni Nida, hindi basta-basta ang pagsagawa ng Biray, isang matanda at sagradong ritwal bilang paghingi ng ulan. Ginagawa lamang ito kapag sukdulan na ang pagsalanta ng tagtuyot, tulad ngayon. Dahil itinuturing na sagrado, kaya hindi nila ito basta-basta ginagawa sa panahon ng karaniwang tag-init. Ginagawa lamang ito kapag naapektuhan na ang buhay at pamumuhay ng mga tao. Kapag natuyo na ang mga poso, sapa, kanal, at lalo na ang ilog. Kapag naapektuhan na ang kanilang hanapbuhay at ikinabubuhay, tulad ng pagkamatay ng mga alaga nilang hayop at hindi na makapananim, kapag nagbabanta na ang taggutom. Gayundin, kailangan din nilang magkaisa. Walang dapat kokontra. Lahat ng sasama, buo ang pananalig at paniniwala. Dahil kung hindi, mawawalan ng saysay ang gagawin nilang Biray. Sabi nga, ang sama-sama at nagkakaisang panalangin, madaling dinggin ng langit.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 120 10/25/2019 2:07:12 PM

Taimtim na sumasabay sa prusisyon si Nida, kaagapay si Dante kasunod sa mga mandarasal. Tig-iisa silang hawak ng sulo. Mataman niyang pinakikinggan ang dasal ng mga matatanda na malinaw niyang naririnig sa kabila ng paglalagitikan ng mga nasusunog na dala-dala nilang mga balaba at pag-aagas-asan ng mga nayayapakan nilang buhangin. Pero paminsan-minsan, tahimik na sumisingit si Nida ng dasal para sa kanilang mag-asawa.

Hindi matiyak ni Nida kung anong oras na iyon. Pero sa tingin niya, sadyang malalim na ang gabi nang sapitin nila ang ilaya. Pinagsama-sama at pinagpatong-patong nila ang mga balabang ginawang sulo sa isang tumpok, kasama ang mga reserbang hindi pa nasisindihan. Pagkuwa'y lumikha nang malaking siga. Nagliwanag ang paligid. Pumailanlang at sumasayaw-sayaw ang mga alipato. Sumigid sa kanilang mga balat ang hagod ng init habang pinagmamasdan ang pagpailanlang ng apoy. Ang iba, lumusong sa ilog at sa pamamagitan ng lukong ng kanilang mga palad, sumalok sila ng tubig at paulit-ulit na isinaboy paitaas.

"Do'n tayo," yaya ni Nida at hinila si Dante papunta sa manipis nang daloy ng tubig ng ilog. At sa pamamagitan din ng lukong ng kanyang mga palad, sumalok siya ng tubig at isinaboy paitaas, paulit-ulit, at gayon din ang ginawa ni Dante. Napapikit siya. Dinama ang pagbagsak ng isinaboy niyang tubig.

Muli siyang sumalok ng tubig, at saka dahan-dahang ibinuhos iyon sa kanyang tiyan. Dahan-dahang hinagod, pababa sa kanyang puson. Napapikit siya, at umusal ng dasal.

Hinintay pa muna nilang tuluyang matupok ang siga bago magsipag-uwian. At umaasa sila na sa susunod na mga araw, diringgin ng langit ang kanilang kahilingan.

NOONG UNA, TANDA ni Nida, sa ikalimang araw mula nang gabi-gabing nag-Biray ang halos buong barangay, bumuhos ang ulan. At umaasa siyang ganoon din ang mangyayari ngayon. Pero isang linggo na, ni ambon, walang dumating.

"Ibig sabihin, wala nang bisa ang sagradong Biray," nag-aalalang sabi niya sa asawa habang nakahiga sila.

"Isang linggo pa lang naman."

"O, baka naman ang ibang mga sumama, hindi naniniwala sa Biray, ginawang katuwaan lang ang pagsama," hinala niya.

"Mahirap husgahan ang pananalig ng tao," katwiran ng kanyang asawa. "Manalig lang tayo. Darating din ang ulan. Makakapagtanim na tayo."

Kahit paano, naibsan ang kanyang alalahanin. Naramdaman niyang tumagilid ang kanyang asawa, paharap sa kanya. Nangapa roon. Napaigtad siya. Napapikit.

"Nag-Biray ka ba?" pilyong bulong ng kanyang asawa.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 121 10/25/2019 2:07:12 PM

"Bakit?"

"Basang-basa, a."

"Ewan ko sa 'yo," tinampal niya ang asawa.

Nagkatawanan sila.

At naramdaman niya, sabay nilang naipahayag ang kanilang pag-ibig sa pamamagitan ng pagniniig.

"Kailangan kasi, hindi n'yo ginagawang obligasyon ang pagko-contact ninyo," sumingit sa kanyang alaala ang payo ng doktor noong sabay silang magpatsek-ap. "Kasi, kaya kayo nagko-contact dahil inoobliga n'yo ang inyong sarili. Kapag gano'n, pini-pressure n'yo lang ang inyong mga sarili n'yan. Dapat, wala kayong iniisip. Gawin n'yo itong parang ritwal ng pagpapahayag ng inyong pag-ibig."

Ginawa rin nila iyon. Paulit-ulit. Pero hanggang sa isip lamang nila iyon. Dahil sadyang natatalo pa rin sila ng kanilang mga alalahanin.

Kaya naman ipinagpasalamat niya, sapagkat nagtagumpay sila ni Dante ngayong gabi.

WALA PA RING ulan na dumating nang sumunod pang mga araw. Labis nang nag-aalala ang buong barangay. Kaya nagpasya ang kapitan na hindi sila titigil sa pag-Biray hangga't hindi napapakinggan ng langit ang kanilang hinaing. Walang dapat magsawa. Walang mawawalan ng pag-asa. Walang aayaw. Kailangang magsakripisyo ang bawat isa. Dahil bawat sakripisyo, may biyayang kapalit.

"Pa'no kung hindi talaga uulan, Kap," nababahala nang sabi ng isang ginang.

"Uulan," tiwalang sabi ng kapitan. "H'wag kayong mag-isip ng negatibo. Dahil ang gano'ng pag-iisip, kawalan 'yan ng pananalig at tiwala sa Biray. Minsan na ring nasubukan ang bisa ng Biray noong araw, kaya magtiwala lang kayo. Hinihiling ko lang, sana ang lahat ng sasama sa Biray, buo ang pananalig at tiwala. Nagpasabi na rin sa akin ang mga kasama kong kapitan, magsasagawa rin daw sila ng Biray sa kani-kanilang mga barangay. Sama-samang panalangin, palagay ko, hindi naman bingi ang Diyos para hindi tayo pakikinggan."

Ilang gabi pang naulit ang Biray. Minsan, sa hangganan ng bawat barangay, nagkakatagpo pa ang mga nagbi-Biray mula sa ibang mga baryo.

Pero wala pa rin ang ulan na hinihintay nila. Wala na nga talaga sigurong bisa ang sagradong Biray? Hindi maiwasang isipin ni Nida. Parang gusto na niyang mawalan ng pag-asa.

Sadyang ganoon, naalala pa ni Nida ang sermon ng pari sa misa noong nakaraang Linggo. May plano ang Diyos kung bakit may kahilingan tayong hindi Niya ibinibigay. Tanging Siya lamang ang nakababatid ng dahilan. Wala tayong karapatang husgahan



likhaan 13 inside pages 102419.indd 122 10/25/2019 2:07:12 PM

ang Diyos dahil lalang lamang Niya tayo. Sa isang banda, may mga kahilingan din tayong ibinibigay ng Diyos sa panahong hindi natin inaasahan. Nais lamang sukatin ng Diyos ang ating pananalig sa Kanya, kung hanggang saan at kung hanggang kailan. Ang mahalaga, hindi tayo nawawalan ng tiwala sa Kanya. Gayundin, may dahilan ang Diyos kung bakit dumaranas tayo ng pagsubok. Hindi dahil sa gusto ng Diyos na pahirapan o parusahan tayo. Nais lang Niya na patatagin ang ating pananampalataya sa Kanya. Dahil ang pagdulog natin sa Kanya sa oras ng mga kagipitan ay pag-amin sa ating kahinaan, sa ating kakulangan, isang pagpapakumbaba sa paanan ng Diyos, at ng pagkilala sa Kanyang kapangyarihan. Hindi ba't sa tuwing nakaranas tayo ng matinding pagsubok at pasakit, lalong nagiging maigting ang pagtawag natin sa Diyos? Na halos araw-araw, nananalangin tayo sa Kanya. Gayon ang gusto ng Diyos. Dapat, lagi tayong may komunikasyon at koneksiyon sa Kanya. Hindi iyong kung kailan lang natin kailangan Siya. Nais Niya, hindi lamang sa panahon ng ating pagdurusa tatawag tayo sa Kanya. Kundi sa lahat ng panahon, nasa gitna man tayo ng pagsubok o hindi.

Laging binabalik-balikan ni Nida ang sermon na iyon. Sa gayon, kahit paano, nakatutulong iyon para hindi siya mawalan ng pag-asa. Nagpapatatag sa kanyang paniniwala.

Patuloy pa rin ang pagsasagawa nila ng Biray. Hindi kinakitaan ng pagkapagod ang mga tao kahit gabing-gabing magpuyat at magprusisyon nang malayo. Walang gustong sumuko. At kapag nagkani-kanya na sila ng uwi, kapwa sila nananalig na bukas, makalawa, darating din ang hinihiling nilang ulan.

*MAY MGA KAHILINGAN TAYO, na ibinibigay ng Diyos sa panahong hindi natin ito inaasahan. Na akala natin, wala na, hindi na darating o mapapasaatin. Na sadyang hindi na pinakinggan ng Diyos ang ating panalangin. Na baka naman may iba pang plano ang Diyos para sa atin. Pero isang araw, sosorpresahin pala tayo ng Diyos.*

Lagi't lagi ring nasa isipan ni Nida ang bahaging iyon ng sermon ng pari. Tanging iyon na lamang ang kanyang pinanghahawakan at sinasandalan. At iyon din ang nagpapalakas ng loob sa kanya.

"Nida . . . ! Nida . . . 'lika, labas ka, dali . . . !"

Mula sa loob ng kanilang bahay, dinig na dinig niya ang tila nananabik na sigaw ng kanyang asawa. Dali-dali siyang lumabas at tumungo sa bukid sa may likod-bahay nila.

"Bakit ba?" ganting sigaw niya habang papalapit sa asawa.

"Tingnan mo," anito na nanatiling nakatingala sa dakong ilaya.

Sinundan niya ng tingin ang tinitingnan nito.

"Wala ka bang napapansin sa panahon?" tanong nito, nananatili pa ring nakatingala.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 123 10/25/2019 2:07:12 PM

Noon nga niya napansin, ang kaninang tirik na sikat ng araw ay kumulimlim.

"At tingnan mo sa may ilaya," sabi pa ng kanyang asawa at itinuro ang kulumpon ng mga itim na ulap. "Ang kapal ng dagim."

"Uulan, Dante, uulan . . ." bulalas niya.

Hindi sumagot si Dante, pero nakangiti habang hindi inaalis ang tingin sa dakong ilaya.

"Tinugon ng Diyos ang hinihiling nating ulan," patuloy niya. "Salamat sa Biray. Talagang mabisa ang Biray."

Masayang nagsipaglabasan din ang kanilang mga kapitbahay. Lahat ay nakatingala at nananabik na inaabangan ang pagbagsak ng matagal nang hinihiling na ulan.

Kumapal nang kumapal ang dagim. Tila pabigat nang pabigat. Lalong umitim nang umitim. Kinanlong nito ang araw na kani-kanina lang, tila nagbubunyi na sa matagal na panahon, nananatili itong naghahari.

Sa una, patak-patak lang. Malalaking mga patak. Parami nang parami. Kasabay ng patak ng ulan ang hiyawan ng mga taong nasa labasan. Hanggang sa tuluyang lumakas ang ulan. Tila bumabawi sa matagal nang panahong nagkait ito sa mga tao, at tila ipinagbubunyi rin ng tigang na lupa at ng mga pananim.

Patuloy ang hiyawan ng mga tao. Palakpakan. May sumayaw-sayaw. Umindak-indak. Nagyakapan. Ang iba'y nakatingala at nakadipang tila ibig yakapin ang buhos ng ulan. Hinayaan ang buhos ng ulan magpakasasa sa kanilang mga katawan. Ang iba nama'y napaluhod, napapaiyak.

Palakas nang palakas ang buhos ng ulan.

Magkahawak-kamay sila ni Dante habang nakatingala, hinahayaang bumuhos ang ulan sa kanilang mga mukha. Napapahalakhak sila, napapahiyaw. Minsan, napapikit siya para higit na madama ang lamig ng buhos ng ulan, at pakinggan ang ritmo ng ragasa ng buhos nito na tila musika sa kanyang pandinig.

"Basang-basa na tayo," makahulugang sabi ng kanyang asawa nang humarap sa kanya. "Pasok na tayo."

Nakatawang inirapan niya ito.

"Samantalahin natin ang hatid na biyaya ng unang ulan pagkatapos ng ating pagbi-Biray," dugtong pa nito, nakangiti ngunit alam niyang seryoso ito.

Magkahawak-kamay silang pumasok sa kanilang bahay. Ipininid ang pinto.

Lumakas pang lalo ang buhos ng ulan.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 124 10/25/2019 2:07:12 PM